INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# BAYANIHAN SA WIKA: HATID AY PAGKAKAISA, LAKAS NG BAWAT ISA

**ni: LILIBETH C. CORNILLA**

Sa bawat sandaling bubuka ang bibig,
Tila ba puso ko'y nalakas ang pintig.
Mistulang yakap ko yaring aking dibdib,
Sa t'wing maririnig wikang iniibig.

Kahit saang lugar o kahit kailanman,
Wikang Filipino'y may taglay ngang yaman.
Pising nagdurugtong sa 'ting nakaraan,
Hanggang salinlahi at kinabukasan.

Ang sariling wika'y laging isaisip,
Sa panitik, awit, tula't panaginip,
Ang wika ay buhay, ito'y sumasagip,
Sa pagiging isa, pag-unlad ay hagip.

Wika ay sandata ng pagkakaisa,
Dito nagmumula lakas at pag-asa.
Sa iisang wika tayo'y nagbibigkis,
Nagtutulay, nagdudugtong nitong ating isip.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

Ngunit higit pa sa pagkakaisa,

Wika'y nagbibigay ng paalaala

Pag naririnig mo ang wikang atin nga

Sumisibol ang tapang, dangal at ligaya.

Sapagkat ang wika ay di lang salita

Simbolo rin ng buhay, tulay at biyaya.

Sa bawat pagbigkas nitong buong laya

Bayan ay tatayo, tunay ngang malaya!

Sa 'ting pagdiriwang ng Buwan ng Wika,

Nawa ay magbuklod puso nati't diwa.

Sa bawat titik at bawat kataga,

Bayanihan sa Wika, 'di dapat mawala!

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************